


# Kabanata 1 Tungkol sa Trabaho / Pera

Pumirma kayo ng isang kontrata sa kumpanya, para makapagtrabaho, at makakuha ng suweldo. Sa kabanata na ito alamin natin ang tungkol sa KEIYAKUSHO o kontrata at KYUYOMEISAI o ang mga detalye ng suweldo, upang makapagtrabaho sa Japan ng walang inaalala.

## 1-1 KONTRATA

【Mga halimbawa ng mga nakasulat sa kontrata】

| | | | |
|---|---|---|---|
|  | **Simula kailan Hanggang kailan** ka magtatrabaho? |  | **Saan?** ka magtatrabago? |
|  | **Anong klase** ng trabaho ang gagawin mo? |  | **Mula anong oras Hanggang anong oras** ang trabaho? |
|  | May break time ba? **Anong oras?** |  | **Kailan** ang araw ng pahinga? |
|  | Gaano karaming araw ang **may bayad na bakasyon**※1? |  | **Magkano** ang suweldo? |
|   | **Kailan at paano** makukuha ang suweldo? |  | Mga **patakaran**※2? para sa pagtigil sa trabaho |

※1 O Paid Leave = may bayad na "day off" sa trabaho, kahit na nagpapahinga ka sa trabaho ay makakatanggap ng sahod.

※ 2 Kapag nais umalis sa trabaho ay mangyaring makipag-ugnayan sa kompanya na iyong pinapasukan. Huwag umalis ng trabaho nang hindi man lamang ipinapaalam sa kompanya.

＜ NIHONGO Gamitin Natin! ＞




Magkano ang bayad sa <u>Health Insurance</u>?

## 1-2 PAYSLIP

■ Kapag nakakakuha ka ng suweldo mula sa isang kumpanya, palagi kang makakakuha ng "Payslip".


Unawain natin ng wasto kung ano ang mga nakasulat dito.




## ① Gross Salary = Matatanggap na pera

■ Ang pera na iyong matatanggap ay ang Gross Salary

【Halimbawa ng mga nakasulat sa Gross Salary Section】

| | | | |
|---|---|---|---|
| Basic Salary<br> | Ito ay ang suweldo para sa pagtatrabaho. | Overtime Allowance<br> | Ito ang Premium Wage※1 para sa overtime. |
| Commuting Expenses<br> | Ito ay tumutukoy sa gastos para sa pag commute sa bus at tren. | Late-night overtime allowance<br> | Ito ang Premium Wage※1 para sa pagtatrabaho hanggang hatinggabi. |




※1 Premium Wage = ay ang pera na maaari mong makuha na mas malaki sa pangunahing sahod.

Ang Premium wage ay makukuha sa mga sumusunid na kalamayan:
1. Kapag nagtrabaho nang higit pa sa oras na hinihiling ng batas.
2. Kapag nagtrabaho sa araw ng iyong day-off ayon sa batas.
3. Kapag nagtrabaho simula 10:00 ng gabi hanggang 5:00 ng madaling araw.

## ② Deduction = Pera na ibabawas

■ Ang pera na ibabawas ay ang tinatawag na Deduction

【Halimbawa ng kung ano ang mga nakasulat sa Deduction Section】

| | | | |
|---|---|---|---|
| Health Insurance<br> | Insurance para sa sakit o pinsala maliban sa trabaho.<br>**Ang kumpanya at ang taong nagtatrabaho ang nagbabayad nito.** | Welfare Pension<br> | Insurance na magagamit kapag matanda na at hindi na makapagtrabaho.<br>**Ang kumpanya at ang taong nagtatrabaho ang nagbabayad nito.** |
| Unemployment Insurance<br> | Insurance na magagamit kapag nawalan ng trabaho.<br>**Ang kumpanya at ang taong nagtatrabaho ang nagbabayad nito.** | Municipal Tax<br> | Buwis na binabayaran sa lungsod kung saan ka nakatira. |
| Gastos sa pagkain<br> | Pera para sa pagkain kung kumakain ka sa cafeteria ng kumpanya. | Bayad sa uniform<br> | Pera para sa damit, sapatos, sombrero, atbp. na gagamitin sa trabaho. |



Bakit kailangan magbayad ng pensiyon?

Ano ang mangyayari sa perang ibinayad ko?

Ang lahat ng nakatira sa Japan na nasa edad 20 taong gulang pataas at 60 taong gulang pababa ay dapat na sumali sa pensiyon.

Kung nagbayad ka ng higit sa 6 na buwan, kapag nag-apply ka ay makukuha mo ang ibinayad mong pera kahit na bumalik ka na sa iyong sariling bansa.



Para sa iba pang mpormasyon...



**Mangyaring tingnan ang Japan Pension Service website**

https://www.nenkin.go.jp/international/index.html

## ③ Attendance =　Ito ay ang kabuuan ng araw at oras na pinasok

■ Ang Attendance= ito ay ang kabuuan ng araw at oras na pinasok sa trabaho

【Halimbawa ng kung ano ang mga nakasulat sa Attendance Section】

| | | | |
|---|---|---|---|
| Mga araw na ipinasok sa trabaho  | Bilang ng araw na ipinasok sa trabaho | Araw na may bayad  | Bilang ng mga araw na bayad habang nasa pahinga sa trabaho |
| Ang oras na ipinasok sa trabaho  | Mga oras na ipinasok sa trabaho | Oras ng overtime  | Mga bilang ng oras para sa overtime |

## ④ Net Salary =　Pera na iyong makukuha

■ Ang Net Salary ay ang Ang kabuuang halaga ng pera na iyong makukuha

(① Gross Salary — ② Deduction)



Kaunti lang pala ang makukuha kaysa sa inaasahan ko. Bakit?

Ang kumpanya ay nagbabayad ng buwis at insurance mula sa iyong suweldo sa ngalan mo. Ang pagbabayad ng mga buwis at inurance premium ay isang tungkulin ng mga manggagawa at isang mahalagang sistema na makakatulong sa mga taong naninirahan sa Japan.
Dapat ka rin magbayad kahit na nagmula ka sa ibang bansa.



< NIHONGO　Gamitin Natin! >



Ano ba ang Welfare Pension?